

Impormasyon ng benepisyo para sa housing security support

【Mga kailangan para sa benepisyo sa seguridad sa pabahay】

- ① Kakulangan sa pinansyal dahil sa pag-kawala ng trabaho atbp., nawalan ng tirahan o posibilidad na mawalan ng tirahan
- ② Ang petsa ng aplikasyon ay dapat nasa loob ng dalawang taon mula sa petsa ng pagkawala ng trabaho o pagsasara ng negosyo. Sinasakop din nito kung nabawasan ang mga pagkakataong kumita ng manggagawa at iba pang mga pagbaba ng kita ng negosyo sa mga kadahilanan o mga pangyayari na hindi nito sariling kagustuhan
- ③ Ang aplikante ang pangunahing taga-pangalaga ng pang-kabuhayan
- ④ Ang kabuuang halaga ng kinikita ng aplikante at ng taong kabilang sa household ay dapat mas mababa kaysa sa pamantayang halaga ng kita. (Kasama ang nakukuha sa pampublikong benepisyon)

Bilang ng tao sa household	Halaga ng Reperensya	Halaga ng upa (upper limit)	Pamantayang halaga ng kita (reperensiya + upa)
1 tao	78,000 Yen	36,000 yen	114,000 yen
2 tao	115,000 yen	43,000 yen	158,000 yen
3 tao	140,000 yen	46,600 yen	186,600 yen
4 tao	175,000 yen	46,600 yen	221,600 yen
5 tao	209,000 yen	46,600 yen	255,600 yen
6 tao	242,000 yen	50,000 yen	292,000 yen
7 tao	275,000 yen	56,000 yen	331,000 yen

- ⑤ Ang kabuuang halaga ng ipon ng aplikante at ng taong kabilang sa household sa petsa ng pag-apply ay hindi lalagpas sa halaga na nakasulat sa ibaba.

Bilang ng tao sa pamamahay	Halaga ng ipon
1 tao	468,000 yen
2 tao	690,000 yen
3 tao	840,000 yen

※Ang halaga ng ipon para sa pamilya na may mahigit pa sa 4 na tao ay hindi lalagpas ng 1,000,000yen

- ⑥ Masigasig sa paghahanap ng trabaho sa Hello Work
 - ※Dahil sa Covid-19, hindi na muna kailangang mag-apply ng trabaho sa Hello Work sa kasalukuyan
- ⑦ Walang sinumang kabilang sa parehong household ay aplikante para sa mga pautang (vocational training attendance benefits) sa ilalim ng employment policies at iba pang mga benepisyo na ipinatutupad ng mga local na pamahalaan
- ⑧ Ang aplikante at mga tao na kabilang sa parehong household ay hindi miyembro ng gangster

【Paraan ng pag-bilang ng halagang matatanggap】

- ① Kung ang kabuuang kita ng household (isang buwan) ay mas mababa sa reperensiyang halaga

Matatanggap na halaga (※) = Aktwal na halaga ng upa

- ② Kung ang kabuuang kita ng household ay mas mataas sa reperensiyang halaga.

Matatanggap na halaga (※) = Aktwal na halaga ng upa - (Kabuuang kita ng household (isang buwan) - reperensiyang halaga)

※Ang halaga ng benepisyo ay limitado sa halaga ng upa (upper limit)

【Mga kinakailangang dokumento para sa pag-apply ng benepisyo sa housing security support】

- ① Identity verification documents

Driver's license (kung ang address sa driver's license ay naiiba sa kasalukuyang address, kinakailangan din ang kopya ng likod nito) o alinman dito sa mga sumusunod:

My Number card, Basic Resident Register Card (Jumin Kihon Daicho card) Passport, Welfare book, Health Insurance card, Resident card, Family Register (Koseki tohon)

- ② Dokumento na nagpapatunay na bumaba ang income o nawalan ng trabaho

Kung nawalan ng trabaho

Certificate na wala ka na sa trabaho (Rishokuhyou), Certificate na tinanggal ka sa trabaho (Kaikou tsuchisho), Employment Insurance Certificate of Eligibility (Koyo Hoken Jukyu Shikakusho Shomeisho), Kapag self-employed business, mga dokumento na maaaring kumpirmahin na ang negosyo ay nag-sara, tulad ng Business Closure notification (Haigyou Todoke).

Kung bumaba ang kita

Mga dokumento na nagpapatunay ng pagkawalan ng trabaho (Rishokuhyou) o pagsasara ng negosyo (Haigyou todoke)

Halimbawa: Ang mga dokumento na nagpapakita na nabawasan ang shift sa part-time job, mga dokumento na nag-order ng leave mula sa employer, ang mga dokumento na nagpapatunay pagkansela ng kontrata.

- ③ Mga dokumento kaugnay sa mga

- Pay slip (para sa lahat ng miyembro ng household)
- Kung tumatanggap ng unemployment benefits, 「Employment Insurance Certificate of Eligibility」 (Koyo Hoken Jukyu Shikakusho Shomeisho)
- Kung tumatanggap ng Pension, passbook atbp. upang malaman ang inyong annual pension amount
- Kung tumatanggap ng child allowance at child support allowance, dokumento ng nagpapakita ng halaga ng natatanggap
- Kopya ng bankbook ng financial institution (para sa lahat ng miyembro ng household)

【Tungkol sa pagtigil ng suportang matatanggap】

Matitigil ang pagbibigay ng nasabing support kung matutugunan ang alinman sa mga sumusunod:

- Kung napapabayaang mo ang iyong obligasyon para makatanggap ng housing security support
- Kung tumaas ang income ng nagtrabaho o suweldo ng tumatanggap ng benepisyo, may ibang pinagkakakitaan, o kung lumagpas ang suweldo sa halagang nakasaad
- Kung aalis na sa inuupahang bahay (humingi ng pahintulot sa may ari) maliban na lamang kung galing

ang utos sa independent consultation support organization

- Kung lumabas na may hindi tama o may maling impormasyon sa ginawang aplikasyon matapos madesisyonan ang pagbibigay ng support
- Kapag nalaman na ang tumatangap ng benepisyo o kasama niya sa bahay ay miyembro ng gangster o kung naparusahan ng higit sa pagkabilango, o kung tumatanggap ng Welfare support (Seikatsu Hougo)galing sa gobyerno

【Tungkol sa extension / re-extension ng support】

Kapag ang period ng seguridad sa pabahay ay mag-eexpire na, posibleng ma-extend ng 3 buwan hanggang 2 beses kung maipapasa ang mga kondisyon.

(Mga Kinakailangan) • Habang tumatanggap ng support, kailangan ang katapatan at masigasig na paghahanap ng trabaho.

- Ang kita ng buong mag-anak, ipon o nakatagong pera sa banko ay kailangang mas mababa sa halagang nakasaad.

【Tungkol sa re-payment】

Sa prinsipyo, ang housing security support ay maaaring matanggap ng isang bes kada tao.

Makakatanggap kang muli kung ikaw ay tumanggap na ng housing security support at nakakakuha ka ng isang regular na trabaho ngunit ikaw ay natanggal dahil sa kagustuhan ng kumpanya o kung ang kumpanya ay na bankrupt. Gayunpaman, hindi maituturing na kagustuhan ng kumpanya ang pagkawalan mo ng trabaho(Kaikou) kung ikaw ay sumangayon na hindi i-renew ang iyong employment period.